## NANGUNGUSAP NA...

(Buhat sa pahina 110)

ang tindig sa pakikibaka sa kabiguan.

Ulila na si Rosenda sa ama. Siya ang pinakamatanda sa anak nina mang Takyo at aling Danding. Napaatang sa kanyang balikat ang tungkulin ng kanyang ama nang ito'y sumakabilang buhay. Masasaktin si aling Danding at maliliit pa ang kanyang mga kapatid. Nakatapos lamang ng mataas na paaralan si Rosenda. Nagkapalad siyang mapasok na takigrapa sa pribadong kolehiyo sa kanilang bayan. Subali't hindi siya nagtagal sa paglilingkod sa nasabing paaralan pagka't tumanggap ng utos ang Dekano ng kolehiyong yaon na ipinid ang paaralan.

Buhat noon ay sinikap na niyang humanap ng ibang mapapasukan upang maitaguyod ang mga kaluluwang umaasa sa kanyang kalinga. Subali't marami nang sapatos ang kanyang nagasgas, makapal na ang kalyo sa kanyang sakong sa paglakad at pagbabakasakaling makatagpo ng gawain, datapuwa't iisa ang naging hantungan ng lahat niyang pagsisikap... —mapait na kabiguan...

—Nahan ang katarungan ng Lumikha? Nahan ang kanyang awa? Bakit Niya natiis na magdusa tayo ng ganitong kasawian sa buhay; gayong hindi ako nagkukulang ng pagtawag sa Kanya? —Buong kapaitang naihimutok ng dalaga. — Mabuti pa yatang si Satanas ang aking tawagan at ako'y kanyang kahahabagan...

—Anak ko!... —nanghihilakbot na sabi ng kanyang ina.— Hindi mo dapat bukhin sa labi mo ang gayon. Ang kabigua'y isang hamon, isang pagsubok sa katatagan ng iyong pananalig sa Kanyang kapangyarihan. Ano ang malay mo, baka kaya pinagkakaitan ka sa ngayon, ay sapagka't may higit na mabuting kapalarang inilalaan para sa iyo, sa atin, kung mapagtitiisan natin ang dinaranas nating kasaliwaang palad.

—Nguni't kailan pa?... Kung tayo'y patay na? Paano tayo mabubuhay kung laging sa pag-asam nauuwi ang lahat ng aking pagsisikap?... —at walang lingonglikod na linisan ang inang nangangaral.

—Mahal na Panginoon... patawarin Mo po ang aking anak, pagka't hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi. Liwanagin Mo po ang kanyang nadirimlang kaisipan. —Pabuntung-hiningang nausal ng matandang ina ng dalaga. —Tibayan Mo po ang kanyang puso sa pagtanggap ng kabiguan.

Si Rosenda ay dating maloob sa Diyos. Kasapi siya sa lang banal na kapisanan sa kanilang simbahan. Subali't ang sunudsunod na kabiguan ang nagparupok ng kanyang pananalig sa katarungan at kapangyarihan ng Dakilang Lumikha.

Sa kanyang sarili ay lagi niyang nasasabi na kung may katarungan ang Diyos ay hindi siya titikisin sa gayong paghihirap. Bakit yaong mga nakaluluwag pa sa buhay ang siyang madaling mapasok sa gawain. Tulad nina Aurora, Emma, Elisa, Weny at Linda.. Ang mga iyon ay hindi niya tulad na kung di magsikap na magbanat ng buto ay hindi kakain.

Ang lalong pinakamasakit na dagok ng kabiguan sa kanyang buhay ay nang siya'y tuluyang layuan ni Miguel. May ilang taon na silang magkatipan ni Miguel. Ang binata ay naging masigasig na sila'y malagay na sa tahimik upang di-umano'y mapagtulungan nila ang pasanin ng dalaga. Subali't matatag si Rosenda sa kanyang sariling panindigan sa kabila ng mga kabiguan.

—Hayaan mong sarilinin ko ang tungkulin ko sa kanila. Miguel, pagka't gayon ang pangako ko kay Tatay. Pasasaan ba at hindi natin matutupad ang ating malaon nang pangarap.

—Nguni't... kailan pa Rosenda,... kailan pa?... Kung tayo'y matatanda na? — may pagkabugnot na tugon ng binata.

—Miguel!... —at napatitig siya sa katipan. Matagal na nga ang ipinaghintay ni Miguel, subali't kung papayag siyang makasal na sila ay batid niyang hindi niya magagampanan ang tungkuling inihabilin ng kanyang ama. Kawawa ang kanyang masasaktin na ina at ang maliliit niyang mga kapatid. Muli niyang tinitigan ang binata, at siya'y napabuntung-hininga. —Alam mong mahal kita, subali't hindi sakim ang aking puso upang sikilin ang iyong kaligayahan, at ang kaligayahang hinahangad mo"y hindi ka maidudulot sa iyo ngayon pagka't wala pa ako sa kalagayan upang pagbigyan ka, kaya, kung nainip ka at hindi ka na makatatagal ay kinakailangan na kita sa iyong kapangakuan. Malaya ka na mula ngayon at ituring mong pangarap ang lumipas.

Nakita niya ang pagdidilim ng mukha ni Miguel sa pagpipigil ng damdamin. May garalgal sa tinig ng binata nang muling magsalita.

—Rosenda, kung ito'y isang hamon ay tinatanggap ko. Masakit sa loob kong magkalihis ang ating landasin subali't masusunod kung siya mong nais. Ngayon ko natatap ang katotohanang hindi mo ako inibig.

Ibig niyang habulin noon ang binatang umalis nang walang paalam at sabihing pinakaiibig niya ito, subali't muli siyang napaupo nang kumapit sa kanyang kandungan si Nante ang kanyang bunsong kapatid. Nawalan siya ng lakas na bigyang kasiyahan ang kanyang puso. Nangibabaw ang pagkahabag sa kanyang mga kapatid at matanda nang ina.

Hindi naglipat-buwan, natunghan ni Rosenda sa pitak panlipunan ng isang pang-umagang pahayagan, ang pakikipag-isang dibdib ni Miguel. Daig pang pinagsakluban siya ng lupa't langit sa masaklap na balitang yaon.

Ang susun-susong kabiguang yaong pumupuno sa kanyang puso ang nagparupok ng kanyang pananalig sa katarungan ng Diyos. Subali't ang walang sawang pangangaral ng kanyang ina ang kanyang nagiging gabay upang hindi maging lubos ang kanyang pagtalikod sa paniniwalang may isang Diyos na makapangyarihan at makatarungan.

Sa mabagal na pag-isod ng panahon ay nagantimpalaan na rin ang mga pagpapakasakit, at pagtitiis ni Rosenda. Napabilang siya sa mga "social worker" na naglilibot sa mga bayan-bayan at namamahagi ng tulong sa dukhang mamamayan.

Natupad ang kanyang pangarap na mapaligaya ang mga kaluluwang mahal sa kanyang buhay. Kung may hinanakit mang nananatili sa kanyang dibdib ay ang pangyayaring lubusang naunsiyami ang kanyang pag-ibig. Sinisikap niyang paghilumin ang sugat ng kanyang puso sa pagpapakalibang sa kanyang gawain, subali't tuksong habang pinagpipilitan niyang limutin si Miguel ay kung bakit lalo lamang niyang nadarama ang kakulangan ng katauhan ni Miguel sa kanyang buhay. Hindi niya lubos na masisi si Miguel pagka't siya ang nagbigay ng kalayaan sa dating katipan.

Sa kanilang paglilibot sa mga liblib na nayon sa pamamahagi ng tulong pangkabuhayan sa mga dukha ay lalo lamang kumikirot ang sugat ng kanyang puso pagka't nasasalang ng mga tanawin sa lalawigan ang naluoy na pangarap nila ni Miguel.

Sa nayon binalak nila ni Miguel na mamuhay. Isang maliit nguni't sariling tahanang may manukan sa likod-bahay, may namumungang halaman sa paligid ng bakuran, nakatayong malayo sa karamihan, maluwang ang bakurang paglalaruan ng mga mumunting anghel ng kanilang pagibig... —iyan ang kabuuan ng pangarap nila ni Miguel, na ngayon ay isang mapait na gunita na lamang.

At sa pagdaraan ng alaalang yaon ay hindi niya mapigil ang pangingilid ng kanyang luha. Tanging si Liling na pinakamatalik niyang kaibigan ang naging sakdalan ng kanyang mga sama ng loob. Kilala ni Liling si Miguel at batid niya ang namagitang pangyayari sa dalawa.

—Hindi ko siya malimot Li-

(Sundan sa pahina 85)

NEW LOCATION
**DR. BUENAVENTURA S. REALICA**
*Chest Specialist*
Tisis Hika-Sakit sa Dibdib Ubo, Hingal, Paglura Ng Dugo
(BATA O MATANDA KLINIKA: Pedro Cruz, Bldg. 2 Palapag
401 Evangelista Quiapo Malapit sa Simbahan ng Quiapo.
Oras: 4:00 — 7:00 P.M. Araw-araw
Silid Blg. 201 X-RAY — Aerosol-Pneumotherapy

KLINIKA SA PUSO AT BAGA
**Dr. LUIS Z. GONZALES**
Rayos-X, Fluoroscopia at Electrocardiograpia (aparatong pangsuri sa tibok ng puso). R-209 Palomo Bldg., 815 O'Donnel, Maynila. Oras ng konsulta. 9-12 N.U. — 3-6 N.H.
Tel: Klinika — 3-75-65; Tahanan — 3-78-69

**INEKSYON sa ALMURANAS**
**DR. V. T. SANTOS**
**Tiyan—Sikmura—Rayos-X**
R-210 Palomo Bldg. Azcarraga, Maynila
Oras: 9:0 — 12 [illegible] Tel. 3-70-49

**Espesyalista sa SAKIT sa ISIP at NERBIYOS**
**DR. RAFAEL E. GARCIA**
Dalubhasa sa nerbiyos, matatakutin, pagkasindak at mga pagkabalisa conbulsion sakit ng ulo at pagkaliyo. Hindi mapagkatulog at nasisiraan ng isip.
Tanggapan silid Blg. 309; Pangatlong palapag
Mercedes Bldg., Quiapo, Maynila

ang isang pulis, nguni, siya'y nangubli, at nang ito'y makalampas ay saka siya tuwirang nagtungo sa bahay ni Rafael. Nakapinid ang mga pinto, kaya kinailangan niyang mangunyapit sa baging upang makapasok sa isang silid.

Samantalang buong panggigilalas na minamasid ni Lucy ang katawang hindi na kumikilos ni Rafael, nakaramdam siya ng mga yabag sa itaas; kinailangang itago ang sarili at magmatyag. Buhat sa ikalawang palapag ng bahay ay nakita niyang nananaog si Carding at, nakita rin niyang napahinto ng pagpanaog. Ito naman ay parang nabigla, hindi niya inisip man lamang na makikita niya si Ràfael sa ganong ka agayan. Nagtuloy siyang bumaba at siniyasat ang bangkay; napapailing siya at hinagod ng masid ang mga paligid; walang buhay siyang nararamdaman sa mga paligid. Gayunman, siya'y kinilabutan at naitanong sa sarili: sino ang maaaring umutang ng buhay ni Rafael?

Sa mga sandaling iyon ay siyang pagpasok sa bulwagan ng isang utusan. Nang makita nitong nakalupasay ang katawang walang buhay ng kanyang panginoon na na'iligo sa sariling dugo ay napatili nang malakas at humingi ng saklolo.

Bago dumating ang utusan ay nakatalilis na si Lucy, samantalang si Carding ay nanggilalas nang marinig ang tili. Nang siya'y tumindig buhat sa pagkakaluhod sa tabi ng bangkay, ang kanyang kamisadentro, pati ng kamay ay napuno ng dugong buhat sa mga sugat ni Rafael. Naisipan niyang mapanganib ang kanyang kalagayan; maaaring datnan siya ng maykapangyarihan at siya ang dakpin at papanagutin sa pagkapatay kay Rafael, kaya minabuti niya ang lumisan. Hindi na nanaog sa hagdan; nagtungo sa silid at sa isang bukas na bintana ay naghugos, nguni, hindi pa siya nakababa sa lupa ay naramdaman niya ang mahigpit na hawak sa kanyang mga bisig ng isang alagad ng batas.

—Huwag kayong magtatangkang tumakbo, ginoo!

Ginawa ng mga maykapangyarihan ang ukol na pagsisiyasat at pagkatapos na mapag-aralan ng piskal ng Lunsod ang mga katibayang natipon ng mga tiktik na nagsiyasat, ay ipinasyang ipagharap ng sakdal na "asesinato" si Dr. Ricardo Llamas, dahil sa pataksil na pagkapatay sa dating Komandante ng Hukbo, Rafael Butamante.


Nagimbal ng gayon na lamang ang mataas na lipunan sa Maynila, at hindi nila inakala man lamang na ang pagkakakapakasal ni Dr. Llamas sa ipinalagay na balo ng nabalitang namatay na Major Rafael Bustamante, ay humantong sa isang madugong pangyayari.

Ang samahan ng mga manggagamot na kumikilala sa katalinuhan ni Dr. Llamas ay kumilos upang tumulong sa pagtatanggol sa balitang siruhano, subali't anumang paghahangad ng samahang iyon ay walang nangyari.

—Ako'y napasasalamat sa inyo nang marami; nguni ang kinasangkutan kong suliranin ay sarili ko, "personal", at dito'y hindi nakakasama ang dangal ng ating propesyon, kaya huwag na kayong mag-abala, at pagpipilitan kong magtanggol sa sarili, at inaasahan kong ako naman ay magtatagumpay.

Gayundin, ang mga kasamahang doktor sa Ospital sa Dabaw kasama ang mga maykapangyarihan sa lunsod na iyon sa Timog, sa pamamagitan ng pahatid-kawad ay nagsipaghandog din ng tulong, nguni, lahat ay pinasalamatan, at tinanggihan ni Dr. Llamas.

(ITUTULOY)




FREE

MOVIE STAR PICTURES:

1 Postcard size colored picture of your favorite artist (Philippine artist only) will be given to anybody upon request. Copy or cut this coupon and enclose 20 centavos for handling & mailing charges. Send to

MR. MODESTO BARTOLOME

MOVIE STAR DEPT. 1732 Dart, Paco, Manila

Sir: Please send me the Picture of ______

My name & Address: ______

## NANGUNGUSAP NA...

(Buhat sa pahina 78)

ling... —padaing niyang sabi sa kaibigan.

—Nguni't may asawa na siya, Rosenda. Isang kahibangan na lamang ang pag-ukulan mo pa siya ng gunita. Ikaw lamang ang makakatulong sa iyong sarili upang makalimot. Paano kang makalilimot kung sa tuwina ay siya ang iyong aalalahanin, —masuyong alo ni Liling. —Ayaw mong ibaling sa iba ang iyong pansin. . Parang siya na lamang ang lalaki sa dagidig. Marami namang nanginigbig sa iyo. Subukin mong umibig na muli. Sa palagay ko'y higit pa ang katangian ni Romulo kaysa kay Miguel.

—Aywan ko Liling... Aywan.. kung bakit ako nagkakaganito. —aniyang mapapabuntung-hininga. —Sa kabila ng lahat, ay pinakaiibig ko pa rin siya. Pinag-aralan ko na ring ibigin si Romulo nguni't hindi pala natuturuan ang puso. Kusa itong tumitibok kapag nakatagpo ng katugong tibukin.

Si Romulo ay matagal nang nangingibig sa dalaga. Hindi masasabing kapos siya sa katangian upang maibig ng isang babae. Tapos ng komersiyo si Romulo at sa kasalukuyan ay palagiang kontador publiko ng isang malaking kompanya. Datapuwa't sa kabila ng katangiang yaon ng binata ay hindi niya maantig ang matigas na puso ng dalaga. At bagama't wala siyang madamang pagtingin sa dalagang pinipintuho ay hindi siya nanghihinawa sa pagkatok sa puso ni Rosenda.

Ilang taon pa ang nagdudumaling lumisan... Namayapa na ang matandang ina ni Rosenda. Malalaki na ang kanyang mga kapatid. Nasa huling taon na ng mataas na paaralan si Nante na kapatid na bunso ni Rosenda. May mga sarili nang hanap-buhay ang dalawa pa niyang kapatid. Dalaga pa rin si Rosenda at patuloy pa rin ang walang sawang pamimintuho ni Romulo. Subali't para kay Rosenda ay si Miguel pa rin ang lalaking nakadambana sa kanyang puso.

—Bakit hindi mo pa tanggapin ang pag-ibig ni Romulo, Rosenda. Batid mo na ang katapatan ng kanyang hangarin sa iyo, — minsan ay nasabi ni Liling sa kaibigan. —Hanggang ngayon ba'y pinapanatili mo pa sa iyong alaala ang isang kahapong natitiyak mong hindi na magbabalik at kung sakali mang magbalik ay hindi mo na maaangkin...?

Nangiti lamang si Rosenda at hindi tinugon ang sinabing yaon ng kaibigan. Alam niya ang paghahangad ni Liling na matulungan siya.

At minsan pang nanukso ang mga pangyayari. Nagkatagpo sina Miguel at Rosenda sa isang pagtitipong kapuwa nila dinaluhan. Kasama ni Rosenda sina Liling at Romulo. May kasama rin si Miguel, pinsan ni Corazon di-umano. Huminging-pahintulot si Miguel kay Romulo na maisayaw si Rosenda.

Nagsayaw ang dating magkasuyo... At lalo nang napatunayan ni Rosenda na di pa napapawi sa kanyang puso ang katauhan ni Miguel. Lalong makisig si Miguel ngayon, at higit namang kaakit-akit si Rosenda sa kabila ng mga taong naragdag sa kanyang gulang.

—Kumusta Rosenda? —basag na tanong ni Miguel sa namagitang katahimikan habang sila'y nagsasayaw.

—Ma-mabuti... —aniyang kasaliw ng malakas na pintig ng nagpupumiglas niyang puso. Ang kaba sa kanyang dibdib ay inilalantad ng gatal sa kanyang tinig. —I-ikaw?... Si Cora, bakit hindi mo siya kasama ngayon?... — iniiwasan niyang masalubong ang titig ni Miguel. Pinipilit niyang patatagin ang kanyang tinig.

—Hindi sana ako dapat nagpunta rito na hindi ko kasama si Cora, —at naramdaman ni Rosenda na tinitigan siya ni Miguel,— nguni't siya ang nagtaboy sa akin upang samahan si Lourdes na kanyang pinsan. Taglay niya ngayon sa sinapupunan ang ikatlong supling ng aming pagsasama.

Muling namagitan ang katahimikan sa kanilang dalawa. Tila nanghahagilap ng sasabihin si Miguel at siya naman ay waring naghahanda ng itutugon. Naramdaman ni Rosenda ang paghigpit ng mga bisig ni Miguel sa kanyang baywang, na hindi niya matutulan. Lalong nagdumalas ang kaba sa kanyang puso. —Matagal ko nang hinangad ang ganitong pagkakataon, Rosenda, upang sabihin sa iyo na hindi ko natagpuan

sa piling ni Corazon ang kaligayahang ipinagkait mo. —May lungkot na mababakas sa tinig ni Miguel.

Sapat ang bulong na yaon upang saglit na makalimot si Rosenda. Buong laya niya naipaubaya kay Miguel ang nangangarap na puso ni Rosenda, sa purok ng mga salamisim.

At kaya lamang napukaw ang saglit na pagkalimot ng dalaga ay nang magawi ang kanyang tingin sa kinaroroonan ng kasama ni Miguel na ang titig ay di niya mawari kung may panibugho o paghihinala. Natanaw rin niya si Romulo na waring nangingimbulo sa pagkakahilig ng kanyang ulo sa balikat ng kasayaw, at ang tingin ni Liling na waring nagpapagunita. —Kapuwa tayo nagdusa sa aking pagkakamali, Rosenda, —patuloy na bulong ni Miguel. —hindi ko maitatawa ang katotohanang iniibig pa rin kita, pinakaiibig pa rin kita, Rosy.

Napapitlag ang dalagang tila nagising sa panganagarap. Inilayo ang kanyang katawan sa mahigpit na pagkakahapit ng kasayaw.

—Miguel!... Utang na loob... huwag mo akong turuang magkasala, —aniyang pinagsisikapang paglabanan ang kanyang sariling damdamin. Nakahinga siya nang maluwag nang matapos ang tugtog.

Natapos ang tagpong yaong nag-iwan ng lalong matingkad na alaala sa puso ni Rosenda. Nakadikit sa kanyang balintataw ang nakangiting larawan ni Miguel. Taglay pa rin ng dating kasuyo ang kakisigang umakit sa kanyang puso.

At ang pagkikita nina Rosenda at Miguel ay nasundan pa ng maraming ulit. At saka pa lamang nanumbalik kay Rosenda ang dating sigla nito. Ang gayon ay hindi nalilingid sa mapanuring pansin ni Liling, na lagi niyang kasama-sama kahit saan siya mapatalaga sa pamumudmod ng tulong buhat sa kagalingang panlipunan. Nakikiramdam lamang si Liling sa mga gawi ni Rosenda at nang hindi na makatiis palibhasa'y nababahala rin siya sa kalagayan ng kaibigan na nanganganib magkasala dahil sa panunukso ng pangyayari ay minsan pang pinagpaalalahanan si Rosenda na tulad sa isang kapatid.

—Rosy, ang pagpapaalaala ay gamot sa taong nakalimot. Alam mong si Miguel ay mayroon nang pananagutan sa mata ng tao at maging sa harap ng Diyos. Aanhin mo ang kaligayahang hindi mo masasarili? Samantala, kung si Romulo ang...

—Tama na Liling!... Tama na... hindi ko kailangan ang iyong paalaala. Kung inaakala mong mabuti si Romulo, kayong dalawa ang magsama, —pasinghal niyang sabi kay Liling at nagmamadali nitong tinungo ang isang barung-barong sa pook na yaon ng mga dukha na pinagkalooban nila ng tulong.

Naiwan si Liling na nabigla sa inasal ni Rosenda. Alam ni Liling na nasalang niya ang mahinang bahagi ng damdamin ni Rosenda, kaya't ito'y biglang nanghimagsik. Bagaman nasaktan siya sa ginawi ng kaibigan ay hindi niya magawang pagtamnan ito ng sama ng loob. Mahal si Rosenda at mahalaga ang kapakanan nito para sa kanya.

May ilang sandali ring nanatili sa pagkakatayo si Liling at sinundan na lamang ng tingin ang lumayong kaibigan. Pagkaraan ng saglit na pagkakatigagal ay nanimigat ang mga paang humakbang si Liling patungo sa kinaroroonan ni Rosenda.

Samantala... Nakalulunos ang tanawing nabungaran ni Rosenda sa barung-barong na yaong kanyang tinungo. Halos ay mag-away sa pagkaing kanyang ibinigay ang dalawang batang lalaking dinatnan niya roon. Marurungis ang mga batang yaon... 'Nakasusulasok ang amoy na sumasalubong sa bawa't aakyat sa barung-barong na iyon. Sa sulok ng halos ay giray nang dampa ay nakalatag ang kapiyangot na banig na kinahihigan ng sanggol na sa malas ay may ilang linggo pa lamang sa maliwanag. Mapula't nangangalirang ang batang katulad ng kanyang ina. At nanghilakbot si Rosenda nang makilala ang ina ng bata ay walang iba kundi si Corazon na asawa ni Miguel. May kilabot na gumapang sa buo niyang katauhan.

Nagunita niya nang gabing magkatagpo sila ni Miguel sa sayawang kapuwa nila dinaluhan na iba ang kasama ni Miguel. Diumano ay pinsan ni Corazon na kanyang asawa. Nanumbalik sa kanyang alaala ang kakaibang kislap sa mga mata ng babaing kasama ni Miguel habang sila'y nagsasayaw. Ngayon niya nabigyan ng kahulugan ang nanunukat na tingin niyon. At ang mabilis na pag-iwas ni Miguel nang minsang sila ay naglalakad sa may Abenida nang makita ang babaing yaong nakasama nito sa sayawan.

At saka pa lamang siya nagising sa isang mapait na katotohanan. Katotohanang nagpapatingkad sa kanyang napakalaking kamalian sa pagkilala sa lalaking sinamba ng kanyang puso't kaluluwa. Saka pa lamang niya nabigyang halaga ang katauhan ni Romulo, ang mga pagunita ni Liling, ang mahahalagang pangaral ng kanyang yumaong ina...

Nahihiya siyang napatungo nang masalubong ng kanyang tingin ang nagtatakang mga mata ni Liling na sumunod sa kanya nang makita si Corazon sa nakahahambal na ayos na yaon..

Ang pagkaawang sumapuso ni Rosenda sa nakahahambal na katayuan ng mag-iina ni Miguel ay nagpaapoy ng pagkamuhi sa lalaking malaong idinambana sa kanyang puso.

—Patawarin mo ako Liling, may katuwiran ka. Ngayon lamang namulat sa katotohanan ang aking mga mata. —at pinahid ang luhang ibinunsod ng magkahalong awa at pagkamuhing namumugad sa kanyang puso.

Isang marahan at nakauunawang pisil sa kanyang bisig ang naging tugon ni Liling. At magkasunod nilang tinalunton ang landas na palayo sa pook na yaong kinatuklasan nila ng nangungusap na katotohanan sa buhay at pagkatao ni Miguel...

—WAKAS—

## ULILANG BITUIN

(Buhat sa pahina 37)

onesto'y nagtungo sa kainan ng otel at doon humingi ng aalmusalin. Buhat sa hapag ng kanyang kinakainan ay tanaw na tanaw niya ang malaking pintuang labasan-pasukan ng malaking gusali. Marahan ang kanyang pagkain upang siya'y hindi mahalatang may hinihintay.

Ganap na ika walo ng yata ng umaga nang manglaki ang kanyang mga mata. Isang babaing nakabupanda ang pumasok na kasunod ang isang lalaki at isang dalagita.

"Si Dora...! Si Dora nga...!" ang kanyang nasambitla na kauntik nang malaglag sa kamay ang sigarilyong hinihitit.

Hindi niya gaanong namukhaan ang lalaki, ang kanyang mata'y nakapako sa asawang matuling-matuling umakyat sa hagdanan. Hindi siya agad sumunod... Ibig niyang magkaroon ng panahong makapag-isip kung ano ang hakbang na kanyang gagawin. Kinapa ang rebolber na namumutok sa bulsa ng kanyang amerikana.

Mahinahon niyang tinawag ang tagapaglingkod at binayaran ang kanyang kinain. Hindi rin siya nagmadali... Banayad din ang kanyang lakad upang hindi siya mahalata. Akala ng mga kawaning kanyang nasalubong, siya'y isa ring naninirahan sa otel na yaon kaya't hindi man lamang siya binati. Upang lalong malubos ang pagtitiwala sa kanya ay


**ST. JUDE'S CLINIC & MATERNITY**
302 Maria Clara, Sampaloc, Manila
Tel. 3-34-98

**DR. RAMON ATIENZA JR.**
Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard Cook County Hospital, Michael Reese at St. Catherine Hospital, Amerika
Sa sakit sa puso, alta presiyon at mga bata.

**DRA. FELICIDAD CALIP-ATIENZA**
Nag-espesyalista sa Johns Hopkins Hospital, Cook County Hospital Women & Children Hospital at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa hindi mag-anak panganganak, Sakit sa matris, at sakit sa obario.

**DRA. CARMELITA R. BELMONTE**
*Espesyalista*
Sa Sakit ng mga Bata
Klinika at Tahanan: 1111 Dos Castillas, Maynila
Oras: 2-4 P.M. Araw-araw
Telepono — 3-96-50

**Victoria Fashion School**
Recognized by the Government
45? QUEZON Blvd., Quiapo — Enrollment Going On
DRESSMAKING—EMBROIDERY
Day—Evening Classes Individual Instructions

***DR. J. Y. FORES***
(Espesyalista)
Cancer, Sakit ng Lalamunan
Tiyan, Atay at Bituka
Tahanan: ELPO COMPOUND Grace Park Tel. 20-377
Tanggapan: ST. LUKE'S HOSPITAL 1015 Magdalena St. Tel. 2-69-01
ORAS NG KONSULTA: 10-12 N.T. — 4-6 N.H.

# Nangungusap na KATOTOHANAN

**Kaya Lang Nagbago Ang Kanyang Isipan Ng Matalastas Na Ang Katotohanan**

NANLULUPAYPAY na ang kanyang pag-asa. Pagal na ang kanyang katawan, subali't ang lahat ng kanyang pagsisikap ay pawang kabiguan ang nagiging bunga.

—Huwag kang mawawalan ng pag-asa, anak. May awa ang Diyos. Huwag mong lilimuting tumawag sa Kanya at ikaw ay Kanyang diringgin.—Gayon ang malimit ipayo ni aling Danding na kanyang ina, sa tuwing siya ay uuwing hapung-hapo sa paghahanap ng mapapasukan. At ang pananalig niyang yaon sa pangaral ng ina ang siyang nagbibigay ng lakas sa kanyang nanlulupaypay nang pag-asa, upang magsikap, magtiyaga, at tatagan

Sundan sa Pahina 78

maikling nobelang tapos ni cresencia m. gordoncillo

